

Ronaldo Carcamo

Makabagong Hapunan at Nang Tula



Mag-aalboroto

Ano kaya't paggising natin bukas ng umaga
Ang lahat ng tao ay malusog, masigla?
Wala ni sipon o pantal na iniinda,
Anumang sakit kaylanman ay di na bibisita.

Ang mga doktor ay tiyak na mag-aalboroto
Pagkat mawawalan agad sila ng trabaho.

Ano nga kaya't sa paggising din natin
Ay masisimot nang todo ang krimen?
Walang magnanakaw ng kahit halik o tingin,
Ni walang mag-iisip ng masama sa kapwa rin.

Ang mga pulis at sundalo'y tiyak na mag-aalboroto
Pagkat mawawalan agad sila ng trabaho.

At ano nga kaya't pagdating din ng bukas
Ang mga tao ay magiging santo nang lahat?
Bawat isa'y matututong magbigay ng pagpapatawad
At wala na ni isang kasalanang magaganap.

Ang mga pari't pastor ay tiyak na mag-aalboroto
Pagkat mawawalan agad sila ng trabaho.

Patunay lang ito na pag ang mundo'y tumino't umayos,
May mga tao pa ring tututol at sisimangot.

Makabagong Hapunan

Bihirang larawan na ngayon ang isang mesang
Pinaliligiran ng buong miyembro ng pamilya:
Nasa magkabilang dulo ang ama't ina
At nasa tabi nila ang bunso, ate't kuya.

Walang mangangahas na lumasap ng pagkain
Hanggang hindi natatapos ang pananalangin.
Mga bata ang mauunang sumandok ng kanin,
Kumurot ng ulam, at saka pa lamang titikim

Ang mga magulang. Habang sabay-sabay
Nilang pinagsasaluhan at ninanamnam
Ang umuusok at sariwang lutong-bahay,
Lumalahok naman ang masasayang huntahan

Ukol sa mga naganap sa bawat isa mula umaga.
Ipagyayabang ng mga bata ang grado sa eskuwela,
Imumuwestra ng ina ang mga bago n'yang ibinurda,
Ibabalita ng ama ang papuring natanggap sa opisina.

Nahihigitan ang kislap ng kubyertos at pinggan
Ng kinang ng magkakaapelyidong kasiyahan.
At kahit miswa't pritong tawilis lang ang ulam,
Tila sila bumisita sa engrandeng kapistahan.

Bihirang larawan na ngayon na sa iisang mesa
Nabubusog nang sabay-sabay ang buong pamilya.
Nang sumulpot ang mga Jollibee't McDo sa kalsada,
Namoda na kasi ang kumain nang kanya-kanya.

Isang Pasko sa Payatas

Umaga ng Pasko, nagising ang paslit,"Inay, bakit walang laman itong medyas?E
ang sabi, di ba, ang batang mabaitTulad ko'y may handog mula kay Santa
Klaws?"

Hindi namalayan ng patpating nanayKapwa mata niya'y may sabit nang
luha.Lumapit sa bunso at ito'y hinagkan,Hinaplos, niyakap at saka nagwika:
"Anak, dumating nga kagabi si Santa,Nangakong dadalhin ang 'yong aginaldo—
Kapag gumaling na'ng kanser ng 'yong amaAt makahanap s'yang muli ng
trabaho."

Wala raw Umiibig

Bisperas ng Bagong Taon, itong si Lito
Dahil sa sobrang kalasingan ay hilog-hilo.
Hawak sa kaliwa ang matabang Super Lolo,
Tangan sa kanan ang may sinding Zippo.
Sabay-sabay, bumilang ng tatlo ang barkada
At pinahalik ang apoy sa buntot na may pulbura.
Pero tila sinadya ni Litong di ihagis sa kalsada
Ang paputok, wala na raw kasing umiibig sa kanya.

Kablam!

Tumigil ang lahat, at itong bida natin
Katawa'y namanhid at lumabo ang paningin.
Isinugod s'ya kaagad sa ospital. Nang suriin,
Dalawang kamay niya ang dapat nang putulin.
Nagbago ang buhay ng binata. Bawat galaw at imik
Kailangan ang alalay ng mga nasa paligid.
Ngayon, alam n'yang sa kanya'y may mga umiibig
Kapag sa kubeta'y nagpapahugas siya ng puwit.

SLN

Lahat ay nangangarap
Makarating sa langit,
Ngunit walang may balak
Na hininga'y mapatid.